Supplemental Security Income (SSI)

**2008 na Edisyon**

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Mga Benepisyo sa SSI para sa Aliens



## Paano Maaaring Maging Kwalipikado ang isang Alien para sa mga Benepisyo sa SSI?

Ang isang alien ay maaaring maging kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI kung natutupad niya ang mga pangangailangan ng mga batas para sa mga di-mamamayan na nagkabisa noong ika-22 ng Agosto 1996. Sa pangkalahatan, simula ng ika-22 Agosto 1996, ang karamihan ng aliens ay dapat tumupad sa dalawang pangangailangan upang maaaring maging kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI:

- b nasa isang kategoriya ng **kwalipikadong alien**; at
- tumupad sa isang **kondisyon** na nagpapahintulot sa mga kwalipikadong alien na makakuha ng mga benepisyo sa SSI.

**MAHALAGA:** Dapat din tuparin ng isang alien ang lahat ng ibang mga patakaran para sa pagiging kwalipikado sa SSI, kabilang ang mga limit sa income at mga pag-aari, atbp.

## Na mao ang Kwalipikadong Alien?

Mayroong walong kategoriya ng kwalipikadong aliens. Ikaw ay isang **kwalipikadong alien** kung sinasabi ng Department of Homeland Security (DHS) na ikaw ay nasa isa sa mga kategoriyang ito:

- Lawfully Admitted for Permanent Residence (LAPR) sa Estados Unidos, kung saan kabilang ang "Amerasian immigrant" alinsunod sa nakalarawan sa Seksyon 584 ng Foreign Operations, Export Financing at Related Programs Appropriations Act of 1988, ayon sa pagbabago;
- pinahintulutan ng conditional entry (pagpasok nang may kondisyon) sa ilalim ng Seksyon 203(a)(7) ng Immigration and Nationality Act (INA) sa pagkabisa nito bago ng ika-1 ng Abril 1980;
- binigyan ng parole sa Estados Unidos sa ilalim ng Seksyon 212(d)(5) ng INA para sa isang taon man lamang;
- refugee na tinanggap sa Estados Unidos sa ilalim ng Seksyon 207 ng INA;
- binigyan ng asylum sa ilalim ng Seksyon 208 ng INA;
- ang deportation ay pinipigil sa ilalim ng Seksyon 243(h) ng INA, sa pagkabisa nito bago ng ika-1 ng Abril 1997 o ang removal (pagtanggal) ay pinipigil sa ilalim ng Seksyon 241(b)(3) ng INA;
- "taong pumapasok mula sa Cuba at Haiti" sa ilalim ng Seksyon 501(e) ng Refugee Education Assistance Act ng 1980 o sa isang status na ituturing bilang "taong pumapasok mula sa Cuba/Haiti" para sa mga layunin ng SSI; o

sa ilalim ng ilang takdang pangyayari, ikaw, ang iyong anak, o ang iyong magulang ay napailalim sa pagbugbog o sobrang kalupitan habang nasa Estados Unidos.

## Sa Ilalim ng Anong Mga Kondisyon Maaaring Maging Kwalipikado ang isang Kwalipikadong Alien para sa mga Benepisyo sa SSI?

Kung ikaw ay nasa isa sa walong **kwalipikadong alien** na kategoriyang nakalista sa itaas, maaaring kwalipikado ka para sa mga benepisyo sa SSI kung natutupad mo rin ang isa sa mga sumusunod na kondisyon.

1. Tumatanggap ka ng mga benepisyo sa SSI noong ika-22 ng Agosto 1996, **at** pinahihintulutan ka ng batas na manirahan sa Estados Unidos.
2. Ikaw ay LAPR na may 40 kwalipikadong quarters ng trabaho.

- Ang trabahong ginawa ng iyong asawa o magulang ay maaari ring isama sa 40 quarters ng trabaho, ngunit para lamang makakuha ng mga benepisyo sa SSI.

- Ang quarters ng pagtratrabaho na kinita pagkatapos ng ika-31 ng Disyembre 1996 ay hindi maaaring mabilang kung ikaw, ang iyong asawa, o magulang ay nagtrabaho, nakatanggap ng mga takdang benepisyo mula sa gobyerno ng Estados Unidos, batay sa limitadong income at mga pag-aari noong panahong iyon.

**MAHALAGA:** Kung unang beses kang pumasok sa Estados Unidos noong ika-22 ng Agosto 1996 o pagkatapos noon, maaaring hindi ka kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI para sa unang limang taon bilang LAPR kahit na ikaw ay may 40 kwalipikadong quarters ng coverage.

3. Ikaw ay kasalukuyang nasa active duty sa U.S. Armed Forces o ikaw ay isang honorably discharged veteran at ang iyong discharge ay hindi dahil ikaw ay alien. Ang kondisyong ito ay maaari ring umaplay kung ikaw ay asawa, biyuda(o) o dependent na anak ng mga takdang tauhan ng militar ng Estados Unidos.

4. Naninirahan ka sa Estados Unidos nang may pahintulot ng batas noong ika-22 ng Agosto 1996 **at** ikaw ay bulag o may kapansanan.

5. Maaari kang makatanggap ng mga benepisyo sa SSI para sa hanggang **pitong** taon mula sa petsa nang binigyan ka ng DHS ng status sa isa sa mga sumusunod na kategoriya, at ang status ay ibinigay sa loob ng **pitong** taon ng filing para sa mga benepisyo sa SSI:

   - refugee sa ilalim ng Seksyon 207 ng INA;

   - asylee sa ilalim ng Seksyon 208 ng INA;

   - alien na ang deportation ay pinigil sa ilalim ng Seksyon 243(h) ng INA o na ang removal ay pinigil sa ilalim ng Seksyon 241(b)(3) ng INA;

   - "taong pumapasok mula sa Cuba at Haiti" sa ilalim ng Seksyon 501(e) ng Refugee Education Assistance Act ng 1980 o sa isang status na ituturing bilang "taong pumapasok mula sa Cuba/Haiti" para sa mga layunin ng SSI; o

   - "Imigranteng Amerasian" sa ilalim ng Seksyon 584 ng Foreign Operations, Export Financing at Related Programs Appropriations Act ng 1988, ayon sa pagbabago.

**MAHALAGA:** Maaaring kwalipikado ka para sa mga benepisyo sa SSI lampas ng pitong taong panahon kung ikaw ay nasa isa sa mga kategoriyang ito at natutupad mo ang isa sa mga ibang kondisyon (1-4) sa itaas.

## Eksempsiyon mula sa mga Batas ng ika-26 ng Agosto 1996 para sa Mga Ilang Takdang Di-mamamayang Indian

Ang ilang mga kategoriya ng mga di-mamamayan ay maaaring kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI at hindi mapapailalim sa batas ng ika-26 ng Agosto 1996. Kabilang sa mga kategoriyang ito:

Mga Amerikanong Indian na ipinanganganak sa Canada, nakatira sa Estados Unidos sa ilalim ng Seksyon 289 ng INA; o

mga di-mamamayan na mga miyembro ng tribung Indian na pederal na kinikilala sa ilalim ng Seksyon 4(e) ng Indian Self-Determination and Education Assistance Act.

## Karagdagang Kategoriya ng Kwalipikadong Alien

Maaaring kwalipikado ka para sa mga benepisyo sa SSI sa ilalim ng ilang mga takdang pangyayari kung natiyak ng Department of Health and Human Services na natutupad mo ang mga pangangailangan ng Trafficking Victims Protection Act of 2000.

## Kailangan namin ng Katunayan ng iyong Pang-imigrasyong Katayuan

Kung ikaw ay nag-file para sa mga benepisyo sa SSI, dapat mo kaming bigyan ng iyong imigrasyong katayuan, tulad ng isang kasalukuyang Pormularyo Income I-94 ng DHS Immigration, Pormularyo I-551 ng DHS o isang utos mula sa isang huwes ng imigrasyon na pumipigil sa deportation o nagbibigay ng asylum.

Kung ikaw ay nagsilbi sa U.S. Armed Forces, maaari ring kailangan mong magbigay sa amin ng katunayan ng serbisyo militar tulad ng U.S. military discharge papers (DD Pormularyo 214) na nagpapakita ng isang honorable discharge.

Masasabi sa iyo ng tanggapan ng Social Security sa iyong lugar ang ibang mga uri ng ebidensiyang maibibigay mo upang patunayan ang iyong katayuan bilang alien.

## Paano kung mayroon akong Isponsor?

Noong pumasok ka sa Estados Unidos, maaaring mayroon kang hinilingang tao na pumirma sa isang kasunduan upang magbigay ng suporta sa iyo. Ang kasunduang ito ay tinatawag naming affidavit of support, at ang taong pumipirma nito ay tinatawag naming iyong isponsor. Kung ikaw ay may isponsor, karaniwan naming isinasama ang kanyang (o ang sa kanyang asawa) **income** at mga **pag-aari** bilang iyong **income** at mga **pag-aari**.

Ang tanggapan ng Social Security sa iyong lugar ay makapagbibigay sa iyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga alituntuning ito at kung paano sila umaaplay sa iyong kaso.

## Ang pagiging mamamayan ng Estados Unidos

Makakakuha ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging mamamayan sa pamamagitan ng pagsulat o pagbisita sa isang tanggapan ng DHS sa iyong lugar o pagtawag sa **1–800–870–3676** upang makakuha ng isang aplikasyon para sa naturalisasyon (N-400 na Pormularyo).